

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-23 ng Abril 2020

MGA BAGONG LIGAL NA PROBISYON

Kahapon ay isinaalang-alang ng Executive Council ang dalawang mga ulat tungkol sa mga karagdagang panukalang batas bilang pagtugon sa mga hamon na dulot ng COVID-19.

Isinaalang-alang ng Executive Council ang mga probisyon na tulad ng inilathala sa UK, kabilang na dito ang *Coronavirus Act 2020*, at iba pang mga batas.

Napagkasunduan ang mga espesipikong mga probisyon na kailangang gawin dito sa Falkland Islands sa mga sumusunod na paksa:

- Bayad pinsala sa Health Service o *Health Service Indemnification* – ito ay magbibigay ng *safety net* na may kaugnayan sa kahit anong claims na ginawa laban sa mga manggagawa sa healthcare bilang resulta ng COVID-19
- Mga korte at tribunals – para palakasin ang mga probisyon sa paggamit ng teknolohiya sa video at audio para sa mga pagdinig sa korte at tribunals

Gagawin ito sa pamamagitan ng isang Bill na ihaharap sa Legislative Assembly.

Napagkasunduan din ng Executive Council na dapat gumawa ng mga probisyon na may kinalaman sa mga paggalaw, mga kaganapan, mga pagtitipon, at mga lugar.

Isang detalyadong ulat ang iniharap sa Executive Council kasama ang draft ng Infectious Disease Control (Coronavirus) (No 2) Regulations 2020. Ang draft ng mga regulasyon ay inaprubahan ng Executive Council at gagawin sa madaling panahon.

Ang mga regulasyon ay nagbibigay ng paggalaw sa mga pormal na mga paghihigpit na una nang ipinataw, kung kinakailangan - na may kahalintulad sa UK lockdown. Para ng sa gayon, ang mga tao ay maaaring madirektahan na manatili sa bahay, at ang mga negosyo ay madirektahan na magsara.

Ang mga regulasyon ay maaaring mailapat sa kabuuan ng Falkland Islands o sa mga espesipikong parte ng mga isla, kung kinakailangan.

Ang malinaw na komunikasyon sa mga paghihigpit ay kinakailangan bago ang anuman dito ay maisakatuparan. Ang mga gabay ay ilalathala, na may pagbubuod sa mga regulasyon.

Hangarin ng mga awtoridad na makisali sa komunidad, maipaliwanag ang mga requirements, at hikayatin ang mga pagsunod, bago ang iba pang anyo ng pagpapatupad.

Ang mga regulasyon ay magpapakilala ng isang makabuluhang paghihigpit sa mga karapatan at mga kalayaan na ibinigay ng Konstitusyon.

Ito ay itinuturing na isang kinakailangan at proporsyonal na diskarte sa dahilan ng mga hamon na gawa ng COVID-19.

Ang mga proteksyon sa mga regulasyon ay mangangailangan ng regular na pagsusuri sa anumang mga paghihigpit, at ang mga regulasyon ay mananatili lamang sa puwersa sa loob ng labingdalawang (12) buwan.

UPDATE SA LATAM FLIGHTS

Kinumpirma ng LATAM na ang schedule tuwing Sabado na ang serbisyong panghimpapawid na Mount Pleasant-Punta Arenas-Santiago ay hindi mag-ooperate sa buwan ng Mayo.

Gayunman, inaasahan ng airline na maaari itong ipagpatuloy sa unang bahagi ng Hunyo.

Tulad ng unang inanunsyo, napagkasunduan sa gitna ng Gobeyrno ng Falkland Islands at ng LATAM na ipagpatuloy ang suspension ng Miyerkules na schedule patungong Sao Paulo hanggang ika-14 ng Mayo.

Magbibigay kami ng mga karagdagang mga update patungkol sa koneksyon sa Chile at Brazil hanggang makuha natin ang mga karagdagang impormasyon. Pinag-aaralan ito ng FIG at LATAM kada dalawang (2) linggo at sinusubaybayan ang mga operasyon ng mga pang-matagalang flights.

ANG BAWAT TAO AY MAY ISANG BAHAGI NA DAPAT GAMPANAN

Nai-highlight naming kahapon ang isang insidente na kung saan isang residente mula sa Stanley at isang contractor ay lumabag sa mga abiso ng FIG para sa public health.

Ginawa naming ito upang paalalahanan ang lahat na ang sama-samang pagsisikap, ng bawat isang tao sa isla, ay kinakailangan.

Kamakailan lamang ay hindi patas na tinukoy ang iba't-ibang seksyon ng komunidad gamit mga komento sa *social media*, ngunit gusto namin liwanagin na ang nasabing contractor ay isang permanenteng residente ng Falkland Islands. Ang impormasyon na ito ay ikinalat dahil importante para sa ating komunidad na maintindihan na bawat isa sa atin ay may bahagi na dapat gampanan.

Ang mabilis na pagpapakilala ng mahigpit na mga hakbang mula sa BFSAI at ang patuloy na pagkilos ng angkop ng ating lokal na populasyon ay mahalaga sa patuloy na pagtatagumpay ng mga hakbang na ito.

Gusto naming pasalamatan ang lahat na nagdadalawang isip bago bumiyahe papuntang MPC, kasama na rin ang mga bumabyahe na kung saan ang byahe nila ay mahalaga, at yaong mga patuloy na sumusuporta sa Approved Travel procedures; ang mga magkasanib na pagsisikap na ito ay walang dudang higit na nakatulong.